

Fact Sheet ng Code ng Pagkain #29

Ano ang dapat mong malaman tungkol sa Code

WWW.HEALTHOREGON.ORG
/FOODSAFETY

OAR 333-150-0000, KABANATA 2-401.11

Pandagdag.

(1) Ang "**Pandagdag sa pagkain**" ay may kahulugan na binanggit sa Batas ng Pederal sa Pagkain, Gamot, at Kosmetiko, § 201(s) at 21 CFR170.3(e)(1).
(2) Ang "**Pandagdag na kulay**" ay may kahulugan na binanggit sa Batas ng Pederal sa Pagkain, Gamot, at Kosmetiko, §70.3(f).

3-202.12 Mga Pandagdag.

Ang mga pagkain ay hindi dapat naglalaman ng mga hindi aprubadong pandagdag sa pagkain o mga pandagdag na lampas sa dami na tinukoy sa 21 CFR 170-180 na nauugnay sa mga pandagdag sa pagkain, kinikilalang ligtas sa pangkalahatan o bago ang pinahintulatang mga substansiyang lampas sa dami na tinukoy sa 21 CFR 181-186, mga substansiyang lampas sa dami na tinukoy sa 9 CFR Sub-part C Seksyon 424.21(b) Mga sangkap ng pagkain at pinagmumulan ng radiation, o latak ng pamatay-peste na lampas sa mga probisyong tinukoy sa 40 CFR 180 Pagpapahintulot para sa mga kemikal na pamatay-peste sa pagkain, at mga kataliwasan. P

MGA KADAHILANAN SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN:

Ang mga pandagdag sa pagkain ay mga substansiya na naging mga bahagi ng pagkain, direkta man o hindi direkta. Dapat mahigpit na kontrolin ang mga ito dahil ang labis-labis na dami ay maaaring makasama sa consumer. Ang mga hindi nilalayong mga nagkokontamina o latak ay nakararating parin sa suplay ng pagkain. Ang ipinapahintulot o itinalagang ligtas na limitasyon para sa mga kemikal na ito ay tinukoy ng mga pagsusuri sa pagtatasa ng panganiib batay sa mga pag-aaral sa lason o mga pagtantiya sa pagkonsumo.

Ang mga pandagdag sa Pagkain at Kulay ay dapat gamitin alinsunod sa regulasyon ng pederal sa pandagdag sa pagkain, o pangkulan, isang epektibong notipikasyon ng kontak sa pagkain, o threshold sa pagiging hindi saklaw ng regulasyon. Ang gayong mga regulasyon, notipikasyon, at pagiging hindi saklaw ay karaniwang binubuo ng tatlong bahagi: ang *pagkakakilanlan* ng substansiya, ang mga *pagtutukoy* kabilang ang kadalisan o mga pisikal na katangian, at ang mga *limitasyon* sa kondisyon ng paggamit. Upang makaalinsunod ang paggamit ng pandagdag sa pagkain o pangkulan, ang paggamit ay dapat sumunod sa lahat ng tatlong pamantayan.

Mga Pandagdag

Ang lahat ng pagkaing papasok sa restawran ay dapat nagmula sa mga aprubadong pinagmulan. Ang karamihan sa pagkain at mga pandagdag sa kulay na binili mo mula sa iyong commercial supplier ay Karaniwang Kinikilala bilang Ligtas (Generally Recognized as Safe), o GRAS. Ang mga halimbawa ay asin, paminta at cinnamon. Mayroong listahan ng GRAS na mga substansiya sa [21 CFR 170-186](#), na rekord ng mga pangalan ng mga aytem na pagkain gayundin kung gaano karami ang dapat gamitin. May ilang mga nakakagulat na pandagdag na pinapayagan, gaya ng monosodium glutamate (na ipinagpapalagay ng maraming tao na hindi ligtas kainin). Ang mga pandagdag sa kulay, gaya ng kulay pulang pangkulan sa pagkain, ay pinapayagan din hangga't sinusunod ang mga tagubilin.

Marami sa mga produkto ito ay aprubado ng Food and Drug Administration (FDA) depende sa kaso para sa espesipikong paggamit. Halimbawa, kapag ginamit ang spirulina bilang pandagdag sa kulay, pinapayagan ito sa kaunting dami sa lugar kung saan pinuproseso. Ngunit hindi maaaring idagdag ang pinulbos na spirulina bilang sangkap sa mga smoothie at sa bar ng kape. Ang isa pang halimbawa ay ang uling mula niyog, na ipinagbabawal kahit na ginawa ito mula sa pagkaing aprubado (niyog).

Ang mga ganitong uri ng pagkakaiba ang nagpapahirap na malaman kung aling mga produkto ang pinapayagan bilang mga pandagdag at alin ang hindi. Dahil dito, maliban kung makapagbibigay ng liham ang pagawaan mula sa Center for Food Safe-ty and Applied Nutrition (CFSAN) o FDA na nagpapahayag na ang kanilang produkto ay aprubadong pandagdag, hindi ito pinapayagang gamitin sa pasilidad na nagseserbisyo ng pagkain. Para sa higit na impormasyon sa pandagdag, pumunta sa: <https://www.fda.gov/food/food-ingredients-packaging/determining-regulatory-status-food-ingredient>.

Kabilang sa ilang mga pandagdag na **hindi** aprubado ng FDA sa pagkakataong ito ay ang:

- Activated carbon/uling
- Pinulbos na Kava (hindi maaaring idagdag sa pagkain, ngunit maaaring pakuluan ang buong ugat bilang tsaai)
- Nitrites/nitrates (walang variance upang matiyak na ginagamit ang mga ito sa wastong dami)
- Mga sulfite sa mga sariwang prutas at gulay na nilalayong ihain nang hilaw
- Kratom, sa anumang uri
- Blue Lotus (blue water lily, sacred blue lily)
- Mga produktong hindi maayos ang tatak/walang tatak



Ang mga "Natural" o "organikong" produkto ay hindi automatikong aprubado para gamiting mga sangkap sa pagkain

Ang ilang mga produkto **na** aprubadong idagdag nang direkta sa pagkain ay:

- MCT coconut oil
- CBD oil mula sa mga pagawaan sa Oregon (ang produkto mula sa ibang mga estado ay dapat magpakita na natutugunan nito ang mga kinakailangan sa Oregon)

Hindi maaaring gumawa ang mga operator ng mga pahayag sa kalusugan, gaya ng "binabawasan ang pagkabalisa" o "pinapababa ang presyon ng dugo" sa anumang mga produkto na idinaragdag nila sa pagkain.

Maaaring ibenta ng mga pasilidad ang nakabalot na mga suplemento sa kanilang orihinal, buong pagkakabalot, ngunit hindi nila maaaring idagdag nang direkta sa mga pagkain.